Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

RELEASED
22 JUN 2017
NAME/SIGNATURE DATE:

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 200, serye 2017

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mataas na Pampubliko at Pampribadong Paaralan
Guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY**, CESO VI
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **2017 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALINO SA FILIPINO**

Petsa: Hunyo 22, 2017

---

1. Alinsunod sa DepEd Memorandum No. 209 s. 2016 na pinamagatang "2017 *National Festival Of Talents*" at bilang paghahanda para sa *Regional Festival Of Talent*, ang Sangay Ng Zamboanga del Norte sa pangunguna ng *Curriculum Implementation Division* (CID) ay magsasagawa ng **2017 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALINO** ngayong **Agosto 31, 2017** sa Taga Central School, Katipunan, Zamboanga del Norte.

2. Ang layunin ng patimpalak ay ang mga sumusunod:
**a**. mabigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na maipakita ang galing sa pag-arte;
**b.** mapayaman ang kakayahan ng mga estudyante sa pagbuo ng *photo essay*; at
**c**.makapili ng mga kalahok para sa RFOT.

3. May dalawang kategorya lamang para sa Pansangay na palihang ito:
   a. Malikhaing Pagsulat/Pagbuo ng Photo Essay
   b. Interpretatibong Pagbasa (Pagbibigay-interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng tula)

4. Magkaroon ng isang kalahok lamang sa Malikhaing Pagsulat at bukas para sa mga estudyante mula sa Baitang 7 o Baitang 8. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay yaong mga nanalo ng unang puwesto mula sa paaralan.

5. Para sa Interpretatibong Pagbasa, ang bawat pangkat ng kalahok ay bubuuin ng limang (5) kasapi/mag-aaral at isang (1) tagasanay at bukas para sa mga estudyante mula Baitang 9 o Baitang 10.

6. Dahil sa walang ***registration fee*** ang naturang gawain, magdala ng sariling meryenda at pananghalian ang mga kalahok at tagasanay sa araw ng palihan.

7. Higit na ipinapaalala ang pagbibigay-diin sa patakarang *"Instituting Measures To Increase Engaged Time-On-Task And Ensuring Compliance Therewith"* ng *DepEd Order No*.9, s. 2005.

8. Kalakip ng Memorandum na ito ang **MGA PANUNTUNAN PARA SA 2017 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALINO SA FILIPINO.**

9. Ang gastusin sa honorarium at pagkain ng mga tagahatol at komite, supplies at iba pa ay kukunin mula sa pondo ng Sangay samantalang ang pamasahe ng mga kalahok mula at pabalik sa pinanggalingan ay kukunin mula sa School MOOE/pondo lokal ng paaralan na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

10. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 200, s. 2017**

# MGA PANUNTUNAN PARA SA 2017 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALINO SA FILIPINO (Baitang 7-10)

**Kategorya:**

A. Malikhaing Pagsulat ng Isang Photo Essay
B. Interpretatibong Pagbasa

## A. Patnubay sa Paglahok

### 1. Malikhaing Pagsulat ng Photo Essay

**A. Kalahok**

- Bukas ang paligsahan sa mga estudyante mula sa Baitang 7 o Baitang 8
- Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay yaong mga panalo ng unang puwesto lamang sa kanilang mga paaralan.

**B. Panuntunan**

- Ang larawan na gagamiting tema ng susulating Photo Essay ay ibibigay sa araw ng paligsahan
- Ang malikhaing pagsulat ay tatagal ng dalawang (2) oras

**C. Pamantayan**

1. Orihinalidad (40%)
2. Organisasyon (35%)
   - May kaangkupan ang nilalaman ng sanaysay sa larawan
   - May kawili-wiling panimula, gitna at pangwakas na bahagi
   - May kaakibat na malikhaing estilo ng pagsulat
   - May kaangkupan sa tema, edad at interes ng target na mambabasa
3. Mekaniks (25%)
   - Gumamit ng wastong bantas
   - Gumamit ng wasto at angkop na mga salita
   - Isinaalang-alang sa pagsulat ang gamit ng wika ng kabataan sa kasalukuyan
   - Gumamit ng matalinghagang pahayag tulad ng tayutay at idyomatikong pahayag, pahiwatig, simbolismo at iba pang elemento ng isang malikhaing akda

### 2. Interpretatibong Pagbasa (Pagbibigay-interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati,Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)

**A. Mga Kalahok**

- Bukas ang paligsahan sa mga estudyante mula sa Baitang 9 o Baitang 10
- Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay yaong mga nanalo sa mga paaralan
- Ang bawat pangkat ng kalahok ay bubuuin ng limang (5) kasapi/mag-aaral at isang (1) tagasanay

**B. Panuntunan**

- Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan
- Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok na may bahagi ng tula para sa isahan at sabayang pagbasa, bahagi ng talumpati, bahagi ng monologo, at bahagi ng deklamasyon
- Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon
- Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda
- Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minuto, ganoon din ang mangyayari sa mga kasunod pang kalahok hanggang sa pinakahuling kalahok

- Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi rin nila dapat maririnig ang bumabasa nang kalahok
- Dapat na ang interpretasyon ay nakaangkop sa genreng nakasulat sa piyesa
- Ang kasuotan ng mga kalahok ay simpleng Filipiñana sa mga babae at Kamisa Chino na terno ng maong o pulang pantalon para sa mga lalaki
- Ang pagtatanghal ay hindi bababa sa sampung (10) minuto at hindi lalampas sa labinlimang (15) minuto.

**C. Pamantayan**

- **Katapatan - (40%)**
    a. Pagpapalutang ng Diwa
    b. Pagbibigay-diin sa Damdamin

- **Hikayat – (20%)**
    a. Pang-akit sa madla
    b. Personalidad
    c. Tindig
    d. Kumpas/kilos

- **Tinig – (20%)**
    a. Lakas
    b. Taginting
    c. Kaangkupan sa Diwa at Damdamin

- **Bigkas – (20%)**
    a. Matatas at Maliwanag
    b. May Pagkabubukod-bukod ng mga salita
    c. May wastong Diin at Himig

**KASUNDUAN:** **ANUMANG DESISYON NG INAMPALAN AY PINAL**